Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI NG KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-16 NG DISYEMBRE, 1998, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 179-T'98

KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KAGAWARAN NG BADYET AT PAMAMAHALA NG TULONG PINANSIYAL NA NAGKAKAHALAGA NG LIMANG MILYONG PISO (P5,000,000.00) PARA SA PAGPAPAGAWA NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.

**SAPAGKA'T,** matapat na hangarin ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na makapagbigay ng mataas na antas ng paglilingkuran sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kasapatan sa mga pasilidades na kinakailangan para sa mabilis na pagpapatakbo ng serbisyo at maayos na pagtanggap sa mga mamamayang nangangailangan ng paglilingkod;

**SAPAGKA'T,** ang bayan ng Santa Cruz bilang kapital na bayan sa Lalawigan ng Laguna ay nagsisilbing sentro ng mga gawaing may kinalaman sa iba t-ibang aspeto ng paglilingkuran;

**SAPAGKA'T,** upang matamo ang maayos na paglilingkod ay nangangailangan ng malawak at maluwag na gusaling panlingkuran upang mabigyang-lugar ang iba t-ibang tanggapan ng pamahalaang bayan at nasyunal na nagsasagawa ng tungkulin at gawain sa bayang ito;

**SAPAGKA'T,** lubhang maliit, malaking kalumaan at tagal na sa panahon ang gusali ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz upang mapagsilbihan ang lumalaking bilang ng mga mamamayan at mga kanugnog na bayan sa lalawigan;

**SAPAGKA'T,** lubhang maliit ang gusali ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz upang mabigyang lugar ang mga "devolved agencies" ng pamahalaang-nasyunal tulad ng Kagawaran ng Kalusugan, Kagawaran ng Kagalingang Paglilingkod at Pagpapaunlad at Kagawaran ng Pagsasaka;

**SAPAGKA'T,** lubhang apektado ang paglilingkod-bayan dahilan sa paghihiwalay ng mga tanggapan na di kayang pagsama-samahin sa iisang bubong ng gusaling pamahalaang bayan dahilan sa kaliitan at kasikipan nito;

**SAPAGKA'T,** may mga iba't-ibang ahensya o pribadong organisasyon at kumpanya na nag-aalok ng paglilingkod sa mga mamamayan lalo na sa mga katandaan at nangangailangan ng lugar o espasyo upang mapalapit sa pamahalaang bayan ng Santa Cruz tulad ng Community Therapeutics, Inc. at iba pa;

**SAPAGKA'T,** walang kakayahan ang kabang-yaman ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna upang makapagpagawa ng bagong gusali nito;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, Jeffrey A. Villaseñor at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na hilingin sa Kagawaran ng Badyet at Pamamahala ng tulong Pinansiyal na nagkakahalaga ng Limang Milyong Piso (P5,000,000.00) para sa pagpapagawa ng bagong gusali ng Pamahalaang Bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagawaran ng Badyet at Pamamahala, Malacañang, Manila, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Inhinyero at MPDC, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECEIVED
BY:
LAGUNA